



MATALINONG PANANALITA SA MGA PAMILYA

Liksyon 5 para sa ika-4 ng Mayo, 2019

INTRO: Nasisira ang mga pamilya ngayon. Nag-iiba na ang kahulugan ng pamilya basi sa kultura. Dahil sa pangangailangan, nagtatrabaho ang mag-asawa at di na nabibigyan ng panahon ang pamilya. Kahit magkakasama ang buong pamilya, kanya kanya namang screen ang kaharap at di nag-uusap. Sa panahon din ngayon ay nauuso ang pagiging taksil. Pag-aralan natin kung ano ang sinasabi ng Biblia upang maingatan ang ating pamilya sa masamang kultura ngayon.

A Pag-aasawa:

❖ Katapatan. Kawikaan 5:1-18.

- [Bakit mahalaga na ilaan at ingatan ang sekswal na pakikipagrelasyon sa asawa lamang?](#)
- Ipinapaunawa ng Kawikaan 5 ang mga mapait na resulta ng mga bawal na pag-ibig.
 - (1) Lumalagay tayo sa panganib na di magkaroon ng buhay na walang hanggan (v. 5)
 - (2) Ang kakulangan sa commitment ay nagdudulot ng mahinang relasyon (v. 6)
 - (3) Nagdadala ito ng pagsisisi at kasawian (v. 11-14)

- [Anong maipapayo mo sa iyong kaibigan na nakikipagpunyagi sa mga sekswal na tukso?](#)

❖ Relasyon. Kawikaan 21:9.

- [Bakit hindi mabisa sa pagtuturo ng pagbabago ang pagalit na salita?](#)
- Pagtatalo, palaging pagsimangot, mga reklamo ay mga sintomas ng masamang relasyon.
- [Paano nakakaimpluwensya sa pamilya o sa mga tao sa palibot ang salita ng isang tao?](#) (Kawikaan 15:1-2)

❖ Katangian. Kawikaan 31:10-31.

- Ang bilang ng mga katangian ng asawa ay sobrang marami. Ang pangunahing ideya ay hindi para tugunin ang mga iyon, kundi upang gawin ang pinakamainam natin sa lahat ng bagay (Ecclesiastes 9:10; Colosas 3:23).
- Hinihimok tayong magkaroon ng katangian ng asawang iyon: Mapagkakatiwalaan (v. 11); mabait (v. 12); masipag (v. 15); matapat (v.18); maawain (v.20); maaasahan (v.25).
- Ang susi sa pagkakaroon ng katangiang iyon ay ang pagkatakot sa Dios (v. 30).

B Mga Magulang:

❖ Pagiging Magulang. Kawikaan 14:26.

- [Ano ang dapat na ugali ng mga magulang ayon sa Kawikaan?](#)
 - (1) Una dapat ang pamilya bago ang trabaho (15:27)
 - (2) Maging matiyaga at kontrolin ang damdamin (12:16; 15:1)
 - (3) Disiplinahin ang iyong mga anak at wag abusuhin ang kapangyarihan (16:6)
 - (4) Maging tapat at igalang ang iyong asawa (5:18)
 - (5) Sundin si Jesus at magpagabay sa Salita ng Dios (30:5)
- [Paano natin maisasalamatin ang di masukat at di pumapalyang pag-ibig ng Dios sa ating mga anak?](#)

PASYA: Kaibigan, may nakikita ka bang tema sa mga sinasabi ng Biblia tungkol s pamilya? Ang nakikita ko ay tema ng pagtatapat sa Dios, pagtanggap sa sarili, kasipagan, at pag-ibig sa isa't-isa. Ito ang nagdadala na maayos na karanasan sa pamilya. Kung hindi ganito ang kalagayan ng iyong pamilya, bakit hindi mo idalangin na tulungan ka ng Dios na lumapit sa ganitong kalagayan ang iyong pamilya.

Next week: Ang Maharikang Awit ng Pag-ibig